PANTAO
International Journal of the Humanities and Social Sciences
ISSN 3028-0877
Volume 3, Issue 2 (2024)

# "Paputian ng Laba": Journey through the complex challenges faced by Filipino families in daily life

**John A. Abenido**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: johncleoabenido@gmail.com

**Deanna M. Brava**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: diannebrava@gmail.com

**Ayena M. Bangoy**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: ayennabangoy86@gmail.com

**Marchelle E. Camposo**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: marchelleosopmac@gmail.com

**Nino J. Denila**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: joshuadenila161@gmail.com

**Armond Q. Diamante**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: armondjaydiamante@gmail.com

**Princess C. Ferrer**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: ferrerprincesscloewie@gmail.com

**Cheryl C.Lagang**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: cheryllagang05@gmail.com

**Aina A. Pastera**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: aina.andrea203@gmail.com

**Sophia Z.G. Valeroso**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: valerosogertrude@gmail.com

**Arman Jay C. Velasquez**
Instructor I, Davao Doctors College, Inc.
Email: armanjayvelasquez@davaodoctors.edu.ph

**Abstract:** The short story entitled “Paputian ng Laba " by Allan Derain is about a little girl named Lailani who lives in poverty but continues to work hard by washing other people's clothes so that she and her family can get out of poverty. The researchers researched the challenges and difficulties that a Filipino household faces in sustaining their daily needs. The research found out the difficulties that Filipinos experience in their everyday lives and the effects of their problems, just like the circumstances Lailani experienced in the short story. The researchers used a qualitative research design in doing the research; they listed the important details that happened in the short story, and they also used an appropriate theory that is related to the literature. The short story of Allan Derain entitled “Paputian ng Laba” depicts the difficulties caused by the poverty that Filipino household faces in their everyday lives.

Keywords: Poverty, Lifestyle, Difficulties, Filipino's Daily Life

Date Submitted: May 8, 2024
Date Accepted: May 15, 2024
Date Published: May 27, 2024

# "Paputian ng Laba": Paglalakbay sa suli-suliraning hamon na kinaharap ng pamilyang Pilipino sa pang-araw-araw na pamumuhay

**John A. Abenido**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: johncleoabenido@gmail.com

**Deanna M. Brava**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: diannebrava@gmail.com

**Ayena M. Bangoy**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: ayennabangoy86@gmail.com

**Marchelle E. Camposo**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: marchelleosopmac@gmail.com

**Nino J. Denila**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: joshuadenila161@gmail.com

**Armond Q. Diamante**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: armondjaydiamante@gmail.com

**Princess C. Ferrer**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: ferrerprincesscloewie@gmail.com

**Cheryl C.Lagang**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: cheryllagang05@gmail.com

**Aina A. Pastera**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: aina.andrea203@gmail.com

# "Paputian ng Laba": Journey through the complex challenges faced by Filipino families in daily life

**Sophia Z.G. Valeroso**
Senior High School Student, Davao Doctors College, Inc.
Davao City, Philippines
Email: valerosogertrude@gmail.com

**Arman Jay C. Velasquez**
Instructor I, Davao Doctors College, Inc.
Email: armanjayvelasquez@davaodoctors.edu.ph

**Abstrak:** Ang maikling kwentong pinamagatang "Paputian ng Laba" ni Allan Derain ay tungkol sa isang batang babae na nagngangalang Lailani na mahirap ang pamumuhay ngunit patuloy itong nag-susumikap sa pamamagitan ng paglalabada upang maiahon ang sarili at ang pamilya sa kahirapan. Ginawan ng pagsusuri ng mga mananaliksik ang mga pagsubok at kahirapang kinaharap ng mga pamilyang pilipino upang matahak ang kanilang pang araw-araw na pamumuhay. Natuklasan sa pagsusuri ang mga hamon na dinaranas ng mga pilipino sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay, at kung ano ang mga epektong kinaharap na problema ng mga pamilyang pilipino katulad sa mga pangyayaring dinaranas ni Lailani sa maikling kwento. Ang mga mananaliksik ay gumamit ng kwalitatibong disenyo sa paggawa ng pagsusuring ito, itinala ng mga mananaliksik ang mga mahahalagang impormasyon at pangyayari na naganap sa maikling kwento, at ginamitan din ito ng mga angkop na teorya na kaugnay sa literatura. Ang maikling kwento ni Allan Derain na pinamagatang "Paputian ng Laba" ay naglalarawan sa mga problemang kinakaharap dulot ng kahirapan sa mga pamilyang pilipino sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay.

**Keywords**: Kahirapan, Pamumuhay, Pagsubok, Pamilyang Pilipino

Petsa ng Pagpasa: May 8, 2024
Petsa ng Pagsang-ayon: May 15, 2024
Petsa ng Paglathala: May 27, 2024

## PANIMULA

Ayon kay Fuller (2018), ang kahirapan ay nakakadurog ng kaluluwa, pangarap, at pag-asa. Dagdag pa niya, ang pagiging mahirap ay parang nakakulong ka sa preso na walang pintuan at bintana. Nakakatakot, tila bagang walang katapusan. Tanging ang mga matatag na tao lang ang hindi sumusuko. Sa pagsungkit ng inaasam-asam na pangarap, nangangailangan ito ng katatagan ng loob, determinasyon, at higit sa lahat pagsisikap. *"Never lose hope. Storms make people stronger and never last forever,"* sinasabi ng sipi na ito ni Roy T. Bennett na hindi dapat mawalan ng pag-asa sa kabila ng mga pagsubok at hamon na dumarating sa buhay. Ang mga pagsubok, tulad ng unos, ay nagsisilbing daan upang mas lalong tumatag ang isang tao at hindi nananatili nang panghabang-panahon. Sa halip, ang mga ito ay lumilipas din at nagbibigay daan sa mga bagong pagkakataon at tagumpay. Gaya na lamang ng bida sa kwento na si Lailani na hindi nawawalan ng pag-asa kahit ilang pagsubok at suliranin na ang dumaan sa kanilang pamilya ay patuloy pa rin siyang nangangarap na sa huli ay bubuti rin ang lahat maging ang kanilang kasalukuyang kalagayan.

Sa isang maralitang komunidad na pinagdadaanan ang mga hamon ng kahirapan at pangarap, isang natatanging proyekto ang bumuhay sa diwa ng mga mamamayan. Ang ideya ng paglikha ng isang telenobela sa kanilang lugar ay hindi lamang nagbigay ng pag-asa, kundi nagdulot din ng bagong sigla at determinasyon sa mga taga-komunidad. Sa kabila ng mga balakid tulad ng kakulangan sa mga kagamitan at suporta, ang pangarap ng kanilang proyekto na may pamagat na "Dakila, Wagas, at Busilak" ay patuloy na nagpalakas ng loob ng bawat isa.

Ngunit sa kabila ng kanilang pagsisikap, hindi maitatangging may mga hamon at hadlang na kanilang kinakaharap. Ang pagiging direktor ng telenobela, na siyang may

responsibilidad na siguruhing ang bawat detalye ay akmang-akma, ay isa sa mga binitiwang problema. Bukod dito, ang pangangailangan na mapanatili ang sponsor sa pamamagitan ng pagpapaputi ng damit ng bida, ay nagdagdag ng komplikasyon sa kanilang proyekto. Sa gitna ng mga ito, hindi rin maitatangging ang mga personal na laban ng ilang mga indibidwal sa kanilang komunidad. Ang kwento ng pamilya ni Lailani, na bumabangon mula sa pang-aabuso at kahirapan, ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-asa at determinasyon sa harap ng mga pagsubok.

Sa kabilang dako, ang pagdaraos ng patimpalak ng paputian ng laba ay nagdulot ng pagkakataon para sa iba't ibang mga indibidwal na magpakita ng kanilang galing at kakayahan. Ang tagumpay ni Lailani, bagama't may ilang pagsubok sa kanilang pamilya, ay nagpapakita ng potensyal na umunlad sa kabila ng mga hamon. Sa kabuuan, ang mga kwento at karanasan ng mga indibidwal sa komunidad na ito ay nagdudulot ng mga aral at inspirasyon na nagpapalakas ng diwa at determinasyon sa pagtahak ng landas tungo sa tagumpay at pagbabago.

*Layunin*

Layon ng pananaliksik na ito na suriin ang maikling kwento ng “Paputian ng Laba” at ang epekto nito sa mga tao ay maipakita ang Iba’t ibang hamon sa buhay na kinakaharap ng pamilyang Pilipino sa kanilang pang araw-araw na pamumuhay. Buhat nito, narito ang mga tiyak layuning patutunguhan ng nasabing pag-aaral:

1. Natutukoy ang mga hamon na hinaharap sa pang araw-araw na kabuhayan ng mga ordinaryong Pamilyang Pilipino.
2. Nasusuri ang epektong kinaharap na problema ng mga pamilyang pilipino ; at
3. Naiuugnay ang koneksyon ng Maikling Kwentong “ Paputian ng Laba” sa mga pangyayari sa pang araw-araw na kabuhayan ng mga ordinaryong Pilipino**.**

## TEORETIKAL NA BALANGKAS

*Sosyolohikal na Teorya*

*Ang Teorya ng Tunggaliang Lipunan*

Ang kuwento ay nagpakita ng kalagayan at suliraning panlipunan na kinabibilangan ng may akda. Ang hindi pagkapantay-pantay ma pa batas man o midya at higit sa lahat ang karapatang pantao. Ngunit sa mga suliraning kinakaharap ng mga tauhan hindi sila nawalan ng pag-asa bagkus “HINDI SILA PAPATIBAG”. Kahit ano mangyari nanatili parin taas noong magiging matagumpay balang araw gaya ng batang si Lailani patunay lamang nito ba siya ay huwaran sa mga kabataan at higit sa lahat tayong mga tao.

*Teorya ng Kritikal na Rasyonalismo*

Ayon sa teoryang ito , ang pang-aapi ay maaring maganap dahil sa kritikal at hindi pag-unawa sa mga dahilan ng pang-aapi. Sa kwentong ito na may isang karakter na si Papadu na labis ang pang-aapi niya sa kanyang pamilya lalo na’t tungkol sa pera. Sa pananakit ni Papadu sa kanyang asawa ang parang karaniwang away lang ito para sa batas sapagkat nung nag away ang mag ama na si Tor at Papadu ay ipinakulong si Tor dahil dito ngunit ang pananakit ni Papadu sa kanyang asawa ay ipanagwalang-bahala nalang.

*Pampanitikan na Teorya*

*Ang Teoryang Naturalismo*
Nagpapakita ito ng suliraning panlipunan na kinasasangkutan ng pangunahing tauhan, ang uri ng kanyang pamumuhay, at sa pook na kinalakihan niya. Ang mga suliraning panlipunan na ipinakita sa akda ay ang pagsasamantala , labis na kahirapan , kawalan ng hanapbuhay, pagwawalang-bahala sa mga taong naghihirap at hindi pagkapantay-pantay. Ang sobrang kahirapan sa isang lipunan ay isang katotohanan na nainilantad ng may akda sa kwentong ito. Sa teoryang naturalismo , tulad ng kwentong binasa ay karaniwang may simpleng tauhan na may di mapigil na damdamin karaniwan na sa lugar na marurumi at masusukal.

## KAUGNAY NA MGA PAG-AARAL AT LITERATURA

*Mga Uri ng Kahirapan*
Ang kahirapan ang dahilan ng mga problemang kinakaharap ng karamihan sa mundo. Ayon kay Gaum (2016), may dalawang uri ng kahirapan. Una ay ang absolute na kahirapan, ito ang kalagayan o katayuan ng hindi pagkakaroon ng paraan o pamamaraan upang makayanan o makapagdulot magkaroon ng payak o basikong mga pangangailangang pantao, katulad ng malinis na iniinom na tubig, nutrisyon, pangangalaga ng pangkalusugan, kasuotan, at tirahan. Ang pangalawa ay ang relatibong kahirapan, ito ang kalagayan ng pagkakaroon ng mas kakaunting mga mapagkukunan o mas kakaunting kitang salapi kaysa ibang mga tao sa loob ng isang lipunan o bansa, o kapag inihambing sa mga karaniwang bilang sa buong mundo.

Ang Pilipinas ay isang bansang humaharap ng maraming suliranin lalo na sa kahirapan. Ayon sa pag-aaral ni Fadrigalan at Gutierrez (2022) mahihinuha na ang kahirapan ay nakakaapekto sa maraming sektor sa bansa lalo na sa edukasyon. Dahil sa kahirapan, napagkakaitan ang tao sa edukasyon at oportunidad sa buhay lalo na ang mga kabataan na napipilitan magtrabaho upang makatulong sa pamilya. Ayon sa Asian Development Bank (2014), ang mga pangunahing sanhi ng kahirapan ay kabilang ang: mababang pang-ekonomiyang paglago, isang mahina agrikultural, sektor, ang pagtaas ng mga rate ng populasyon at isang mataas na dami ng pagkilos. Dahil sa mga kadahilanan na ito, maraming mga epekto ng kahirapan sa Pilipinas na nagpapahirap sa mga tao na mabuhay sa gayong kalagayan.

*Patuloy na pagtaas ng mga kabataang hindi nakakapag-aral dulot ng kahirapan*
Ang pag-aaral ay isang napakahalagang aspekto sa buhay ng mga kabataan dahil magiging daan ito upang makamit nila ang kanilang mga pangarap sa buhay at mabigyan ng sapat na kakayahan ang sarili upang maitaguyod nito ang kanilang pamilya.Sinasabing ang mga kabataan ang pag-asa ng bayan dahil sila ang magpapatuloy pa sa mga sumusunod na henerasyon kaya't napakahalaga ng kanilang gampanin sa ating lipunan ngunit nauudlot ito dahilan ng kahirapan hindi na nakapag-aral ang mga kabataan. Ayon sa Bangsamoro Civil Society ang kahirapan ang naging dahilan ng pag-aasawa ng maaga na naging dagdag sa kung bakit mas lalong naghihirap ang mga pamilyang Pilipino.

Sinasabing ang kakulangan ng pag-aaral ay nagiging sanhi ng kahirapan ayon kay Layson(2019). Ang edukasyon ay isang mahalagang hakbang upang makawala at magkaroon ng magandang kinabukasan ang mga kabataan ngunit dahil sa kahirapan ay nawalan sila ng oportunidad na makapag-aral. Ang kahirapan ang naging hamon sa buhay ng mga kabataan upang makapag-aral, dahilan nito ay napipilitan ang mga kabataan na magtrabaho upang maitaguyod ang sarili at ang pamilya sa pang araw-araw na pamumuhay. Kaya't ang pag-aaral ay isang mahalagang aspekto sa ating lipunan dahil mayroon itong malaking epekto sa

pamumuhay ng bawat mamamayang pilipino. Nawawalan ng oportunidad na makahanap ng matinong trabaho dahil sa kakulangan sa pag-aaral at kaalaman kaya't maaring magdulot pa ito upang kumapit sa patalim ang mga kabataan at gumawa ng mga illegal na gawain kaya't patuloy din na tumataas ang mga kaso ng pagnanakaw at pang ho-holdap sa lipunan.

*Paging matatag sa kabila ng kahirapan*

Ang paging matatag o tibay ng loob ang naglalarawan sa mga Pilipino sa panahon ng kagipitan. Sa tradisyon at social media ng mga Pilipino, kadalasang inilalarawan nila ang kanilang sarili bilang isang grupo ng mga taong ngumingiti sa harap ng kahirapan (Jocson, 2016). Ito ay nangangahulugang na likas na sa pilipino ang pagiging matatag laban sa mga hamon sa buhay. Na kahit anong hirap ng buhay ay nagagawa pa rin ngumiti at makakita ng pag asa sa kadiliman.

Ayon kay Garay G. (2020), isa sa mga mahalagang aspekto sa pagpapaunlad ng katatagan ng mga Pilipino ay ang pamilya. Bilang pangunahing yunit ng ating lipunan dito sa Pilipinas, ang pamilya ang pangunahing pinagmumulan ng lakas at inspirasyon ng karamihan sa atin. Handa tayong magsakripisyo para sa kapakanan ng ating pamilya, para sa kanilang kapakanan, para sa magandang buhay sa hinaharap. Handa tayong makaranas ng hirap, batikos, kalupitan, insulto, at maging sa punto ng pag-aalay ng sarili nating buhay. Maraming Pilipino ang nagsisikap na makayanan ang lamig, gutom, mabibigat na trabaho o iba pang hindi nararapat na sitwasyon at ugali para lamang makapagbigay ng magandang kapalaran sa pamilya.

Ang kahirapan ng mga Pilipino ay nagtutulak sa kanila na magsumikap at maging matatag sa buhay ayon kay Tianco (2013). Sa kabila ng mga pagsubok at limitasyong dala ng kahirapan, marami sa mga kababayang Pilipino ang nag pupursige na magkaroon ng sapat na determinasyon at pagtitiyaga upang makamit ang mga pinapangarap nila sa buhay. Imbes na mawalan ng pag asa ay itinuturing ng mga mamamayang Pilipino ang kahirapan bilang isang inspirasyon sa buhay upang maiahon ang kanilang sarili sa kahirapan at maabot ang kanilang mga minimithing pangarap at kagustuhan. Sa kabila ng mga paghihirap at mga hamon na dinaranas ng mga mamamayang Pilipino ay nag tulak sa kanila upang magsumikap sa buhay at para makahanap ng iba't ibang oportunidad na maaring maging dahilan upang umangat ang kanilang pamumuhay at magbago ito para sa kanilang sariling kalagayan at para nadin mabigyan ng magandang buhay ang kanilang mga pamilya.

Sa kabuuan, ang kahirapan ay isang malawak at komplikadong isyu. Ang malalim na pag-aaral at pang-unawa sa mga sanhi, epekto, at solusyon sa kahirapan ay mahalaga upang mapabuti ang kalagayan ng mga mamamayan at maitaguyod ang tunay na kaunlaran at pag-unlad ng lipunan.

*Buod ng kwento*

Si Lailani ay anak ni Papadu (Juanito), isang magnanakaw, at ni Mamadu na isang labandera. Labing-tatlo silang magkakapatid, kabilang na ang dalawang namatay. Ang pamilya nila ay nakatira sa barung-barong at isang araw ay mayroong nagpunta sa kanila na nagsabing bibigyan sila ng isang libong piso sa bawat araw na gagamitin ang bahay nila para sa isang telenobelang Dakila, Busilak at Wagas na pagbibidahan ng artistang si Mari Jodi Lualhati, ang telenobela ay nakasentro sa buhay ng isang dalagang pinagkaitan ng pagkakataon dahil imbes na nangangasiwa sa buhay, ang totoo ay anak siya ng mayamang mag-asawang may negosyo sa Ayala-Makati, ay lumaki siya sa hirap kasama ang kinilala niyang nanay-nanayan na isang labandera.

Sa tuwing dumarating ang mga artista ay hindi magkamayaw ang mga tao sa pagsilip sa tahanan nila Lailani. Pagkatapos ng bawat araw ay saka ibinibigay ang isang libo kay Papadu ng minsan ay hindi ibinibigay ni Papadu sa pamilya ang isang libo dahil sa ginagamit niya ito

sa pagdala sa mga babae niya sa motel. Nang minsang hiningi ni Mamadu ang kita at walang naibigay si Papadu, nag-away sila kung saan nakisali na rin ang isa pang anak na si Tor. Nagkabugbugan kung kaya lumabas sila sa TV at imbes na Ikahiya ang nangyari, ikinatuwa pa nila ito at inabangan sa telebisyon.

Dahil sa pag-aaway na ito kaya nakulong si Tor dahil inisip ng mga pulis na nag-aadik pero nung si Papadu ang nambugbog kay Mamadu, hindi siya pinag- isipan ng ganito dahil tila normal naman ang ganoong scenario to Pilipinas. Sa araw ng shooting, pinaglalaba si Jodi para sa isang eksena. Hindi ito magampanan nang maayos ng dalaga kaya kinailangan humanap ng dobol. Dumagsa ang mga nanay na ipini-prisinta ang anak, kung kaya nagdesisyon na lang ang Direktor na magkaroon ng paligsahan na paputian ng laba ng saan nanalo si Lailani ng P50,000 at pagkakataong maging dobol ni Jodi. Ito to sana ang pag-asa ng dalaga na mailabas ang kanyang kuya na si Tor sa kulungan ngunit nang kukunin na ang pera, nalaman nila na kinuha na pala ni Papadu ang premyong pera. Matapos ang pagiging dobol ni Lailani, bumalik na siya ulit sa dati niyang gawi, ang tumulala sa labas ng bintana at inalalang ang mga bituin ay hindi nga pala nagpapakita sa kanilang lungsod.

## METODOLOHIYA

### *Disenyo ng pag-aaral*

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng paraang kwalitatibong disenyo sa pagbibigay ng interpretasyon sa mga nalikom na deskriptibong datos mula sa maikling kwento "Paputian ng Laba". Ang pagsasalaysay ng pananaliksik ay naglalayong itala ang mga karanasan ng isang tao o maliit na grupo, na naglalahad ng kanilang buhay, na katotohanan o natatanging pananaw. Sa paggamit ng disenyong ito ay makukuha at masusuri ang mga punto na kinakailangan para masuri at masipat ang layunin ng pag-aaral.

### *Pamamaraan ng pangangalap ng datos*

Sinimulan ng mga mananaliksik ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagpili ng mga maikling kwento sa Carlos Palanca Memorial Awards na websayt. Nakapili ng tatlong maikling kwento ang lider ng mananaliksik, ito ay ang "Toxic" isinulat ni Rommel B. Rodriguez, "Parada ng mga Alingawngaw" isinulat ni Bernadette V. Neri, at "Ang Kagilagilalas ng Paglalakbay nina Mumo at Am-I" na isinulat naman ni Renerio R. Concepcion. Pagkatapos ay gumawa ang lider ng isang poll na nakalahad ang mga nasabing akda at isa-isang bumoto ang mga mananaliksik. Ang akdang may maraming boto ay ang "Toxic" ni Rommel B. Rodriguez. Ngunit, kalaunan ay napagtanto ng mga mananaliksik na hindi gaanong malinaw ang mensahe na ipinapahayag ng awtor at tiyak mahihirapan silang humanap ng mga kaugnay na literatura patungkol sa kwento. Kaya naghanap sila ng panibagong maikling kwento, at ang nahanap nila ay nagmula sa taong 2007 na pinamagatang "Paputian ng Laba" na isinulat ni Allan Alberto N. Derain. Napagkaisahan nila itong suriin sapagkat napukaw nito ang kanilang atensyon bilang tinalakay sa kwento ang napapanahong isyu ngayon gaya ng kahirapan, *media biases* at ang hindi pagkakapantay-pantay na pagtingin o pagtrato ng mga tao sa mahihirap.

Bumuo na sila ng ideya na maaring maging paksa para sa pananaliksik. Matapos ay nagtulong - tulong silang magbahagi ng mga impormasyon na maaring magamit sa pagbuo ng introduksyon, layunin, saklaw at limitasyon sa pag-aaral, depinisyon ng mga terminolohiya, teoretikal na balangkas, metodolohiya, at konklusyon. Matapos ay nagsaliksik sila ng mga kaugnay na literatura sa internet upang mas mapalawak at madagdagan pa ang mga impormasyon na kailangan nila para sa pananaliksik. Bilang panghuli ay gumawa na sila ng talasanggunian upang mapatunayan ang katiyakan ng mga impormasyon at kaalamang nilalaman ng kanilang pananaliksik.

*Pag-aanalisa ng mga datos*
Kinokolekta ng mananaliksik ang mga datos at pinag-uri-uriin ang mga ito sa iba't ibang kategorya depende sa gusto niyang matuklasan. Ang teoretikal na batayan ang naging taal ng mananaliksik upang masuri ang mga datos. Nais malaman ng mga mananaliksik ang buhay ng mga Pilipinong nahihirapan araw-araw pangalawa, nakiki-usisa din sila kung may kaugnayan sila sa mga pangyayari sa Pilipinas. Upang makamit ito, naglapat sila ng kakaibang pamamaraan para sa pagsusuri sa kahirapan.

INTERPRETASYON AT PAGSUSURI NG MGA DATOS

*Mga hamon na hinaharap ng pamilyang Pilipino*

Ang maikling kwentong pinamagatang "Paputian ng Laba" ay mayroong dalawampu't dalawang pahina . Sa loob ng mga pahinang ito ay nakapaloob ang mga pangyayaring hinding hindi namamalayan ng mga mamamayang Pilipino na puno ng mga paghihirap at hamon sa buhay. Umiikot ang kwento sa buhay ni Lailani isang babaeng nagnanais na umahon sa buhay dahil sa kanilang mga paghihirap na araw-araw nilang nararanasan. Si sonia ay anak ng isang magnanakaw at labandera kaya't sa murang edad ay mulat na mulat na siya sa reyalidad na kailangan niyang magsikap upang matustusan ang mga pang araw-araw niyang pangangailangan at ng kanyang pamilya.

Salat sa buhay ni Lailani ang kanyang pamilya, kahit na umabot sa punto na kailangan ipagsabay ni lailani ang kanyang pag-aaral at pagtatrabaho upang matustusan lamang ang kanilang mga pangangailangan ng kanyang pamilya. Sa murang edad ay nagsimula na si Lailani na maging labandera upang makatulong sa kanyang pamilya. Sa kabila ng mga paghihirap na nararanasan ni Lailani ay patuloy parin itong nagsusumikap sa pag-aaral para maiahon ang kanyang sarili sa kahirapan. Dumagdag pa sa kanyang paghihirap ang pagkakulong ng kanyang kuya kaya't pumayag sila na gamitin ang kanilang bahay na pa-upahan para sa isang teleserye. Ngunit dumaragdag parin ang ama ni Lailani sa kanyang problema dahil imbes na gamitin ang perang nakukuha nila sa upa pangtulong sa kanyang kuyang nakabilanggo ay ginagamit ito ng kanyang ama para pumunta sa motel. Kaya't nung nagkaroon ng pagkakataon si Lailani na maging doble para sa teleserye ay kinuha niya na itong opportunidad upang magkapera. Dahil sa pagiging mahusay ni Lailani sa paglalaba ay maswerte niyang naipanalo ang halagang 50,000 . Ang perang ito ay gagamitin sana ni Lailani upang mailabas ang kanyang kuya Tor sa pagkabilanggo ngunit nang kukunin na ni Lailani ang pera ay nalaman niyang nakuha na pala ito ng kanyang ama. Matapos ang mga pangyayari ay bumalik lamang si Lailani sa paglalabada at patuloy parin na nagsusumikap kahit na nawawalan na ito ng pag-asa.

Ayon kay Vera (2018) ang kahirapan ay nagdudulot ng mga masasamang epekto sa kabataan dahilan ng nagtatrabaho na kahit bata pa lamang sila. Katulad ng nararanasan ni Lailani na imbes ay na sa skwelahan at papel at ballpen ang hawak, ay dangkal-dangkal na damit ang kanyang linalabhan. Kaya't ito ang dahilan kung bakit patuloy na naghihirap ang buhay ng mga ordinaryong Pilipino.

*Epektong Kinakaharap na Problema ng mga Pamilyang Pilipino*

Dahil sa hirap ng buhay nila Lailani walang ginawa ang kanilang ama kundi maglasing at mababae. Tuwing umuuwi si Papadu binubogbog niya si Mamadu. Dahil dito nagsumbong si mamadu kay Kuya Troy hinanap niya ang pamalong bakal na matigas, pinalo niya si Papadu hanggang sa dumugo ang ulo nito. Naikulong si Kuya Troy at naipalabas sa midya ang

pangyayaring iyon. Sa interbyu mapapansin natin na pinatakpan o di kaya'y di kita ang mukha. Tanging ang mga kilala lang ba at mga artista ang may mga karapatan. Nasaan ang pagkakapantay-pantay.

Sinasabing ang pagiging mahirap ay epekto ng pagiging tamad ng isang indibidwal ayon kay Esnardo (2016) sinasabi sa pagsusuri ni Esnardo na ang pag tambay sa kanto at ang pagiging lasinggero ay epekto ng pagiging tamad ng isang tao.Pinapakita sa maikling kwento na imbes na maghanap ng maayos na trabaho upang maiahon ang pamilya ni Papadu ay pinili nitong mambabae at maging lasinggero sa kanto.

Pinapakita ng maikling kwento ang pang-aabuso ni Papadu kay Mamadu dahil sa pagiging lasinggero nito sa kanto na naging sanhi ng kahirapan sa pamilya nila. Naging dahilan rin ang kahirapan ng pang-aabuso sa pamilya ayon sa Department of Social Welfare and Development o DSWD (2024) nakasaad dito na nagsisimula sa kahirapan ang pagkakaroon ng karahasan at pang-aabuso sa tahanan. Pinapakita ng maikling kwento ang pang-aabuso ni Papadu kay Mamadu dahil sa pagiging lasinggero nito sa kanto na naging sanhi ng kahirapan sa pamilya nila.

Sinasalamin ng maikling kwento na ang pagiging mahirap ay dahilan ng hindi pag trato ng pantay sa ating lipunan pinapakita dito na ang mga artista o mayayaman lamang ang nabibigyan ng karapatan. Ayon kay Tseri (2022) ang mga mayayaman lamang ang mas may malawak na karapatan kaysa sa mga mahihirap na hanggang ngayon sa ating kasalukuyan ay patuloy na sumisigaw ang mga mahihirap tungkol sa pagkakaroon ng pantay na pagtrato sa ating lipunan at bigyan sila nararapat na pansin para sa kanila na hindi lamang ang mga mayayaman ang nakikinabang.

Sa kabila ng mga epekto ng kahirapan na nararanasan ni Lailani ay patuloy parin itong nagsumikap upang matulungan ang kanyang sarili at maiahon ang kanyang pamilya sa kahirapan. Dahil kahit sa gitna ng mga paghihirap ay  patuloy padin ang mga pilipino sa pagsusumikap upang maitaguyod nila ang kanilang buhay tungo sa pinapangarap nilang makamit na kinabukasan. Ayon nga sa Academia ay kahit sa lubos na paghihirap at patuloy man na sinusubok ng panahon ay patuloy parin na bumabangon ang mga Pilipino.

*Koneksiyon ng maikling kwento sa mga Nangyayari sa mga mamayang Pilipino*

Sinsalamin ng maikling kuwento ang realidad ng lipunan. Ang kahirapan na talamak sa bansa ay nakaapekto sa buhay ng pangunahing tauhan na si Lailani at sa kaniyang pamilya. Ang mga karanasan niya hindi nalalayo sa kung ano ang nangyayari sa kasalukuyan.

Ang mga kaganapan sa kwento ay makikitang nagaganap rin sa totoong buhay. Tulad na lamang ng hindi pagkakapantay-pantay ng mga tao sa lipunan. Ayon kay Valdez et al. (2022), Tulad ng ibang bansa sa Asya,  ang mga kakayahan ng  kababaihang Pilipino ay nahahadlangan ng  patriyarkal na lipunan na nagbibigay-diin sa pangingibabaw ng lalaki sa mga istruktura ng pamilya at mas malalaking institusyong panlipunan. Ayon sa kaugalian, ang mga lalaking Pilipino ay pinuno ng sambahayan at naghahanapbuhay; ang mga babae ay itinuring na masunurin, kaya ang pang-ekonomiyang pang-aabuso ay karaniwan na nagyayari.  mataas din ang kaso ng pambubugbog sa asawang babae at ito ay tinuturing na makatwiran.  Ito ay nasasalamin sa maikling  kwento dahil ang mga kalalakiha  na  si Papadu ay isang magnanakaw, babaero at abusado ay mas may kapangyarihan pa sa kwento habang si Tor ang naging breadwinner ng pamilya. Ang mga babae naman na si si Lailani at Mamadu ay ang humaharap sa mga suliranin kaakibat kahirapan.

Ayon kay Uhl (2023),  ang normalisasyon ng pang aabuso  sa tahanan ay isang malungkot na katotohanan na nangangailangan ng pansin. Ang dinamika ng pang aabuso sa tahanan ay malalim na nakatanim na  sa mga kaugalian at tradisyon ng ating lipunan sa pamamagitan ng mga kanta at media. Ang pambubugbog ng tatay ni Lailani sa kaniyang ina

ay kinokonsiderang normal lang na away mag-asawa habang kapag ang anak na ang gumawa noon sa ama ay hindi na normal.

Ang hindi pantay na pagtrato ng media sa mga taong mahihirap at sa taong may kapangyarihan na ipinapakita sa kwento ay nangyayari din sa kasalukuyan. Ayon kina Schifferes at Knowles (2022) karamihan sa mga saklaw ng media ay naglalarawan sa mga mahirap sa napaka-negatibong mga termino, na naghihikayat ng mga estereotipo na naninira sa kanila. Habang ang mga nasa kahirapan ay ipanapahiya, napakadalas na ang mga mayayaman ay inilalarawan bilang mga makapangyarihan sa lipunan dapat hangarin ng lahat.

Ngunit sa kabila ng lahat, nanalantay pa rin ang ang ugali ng mga Pilipino sa kwento. Ito ang pagiging matatag sa kabila ng ano mang suliranin hamon ng buhay. Nasa lahi na ng mga Pilipino ang paging matatag at magiting. Ito ay ang naging pagtingin din ni Dr. Jose Rizal sa kaniyang sariling pinanggalingan kaya kaniyang inihambing ang pagiging matatag ng Pilipino sa tulay ng barkas na sa kabila ng maraming bagyo at unos ay nakatayo at nagagamit pa rin. (Tianco, 2013).

Sa kabila ng mga unos na dumating sa pilipinas, mapa lindol man, bagyo, o pagsabog ng bulkan, patuloy pa rin na bumabangon ang mga pilipino. Sila ay ngumigiti sa kabila ng mga mapait at masalimuot na karanasan. Ang pagiging matatag ni Lailani ay namayani sa kwento dahil sa kabila ng kahirapan na kaniyang naranasan, hindi siya sumuko sa kaniyang pangarap na maging isang artista at ang pagkapanalo niya patimpalak ng paglalaba ang naging daan sa upang ito ay matupad kahit kamay lang niya ang maipapakita sa telenobela.

Ang mga karanasan ng mga ordinaryong Pilipino ay isang mahalagang aspekto ng ating lipunang kinagagalawan. Ang mga ito ay naglalarawan ng pagsubok, hamon at mga paghihirap na patuloy na kinakaharap ng ordinaryong Pamilyang Pilipino hanggang sa kasalukuyan o maging sa susunod pa na mga henerasyon. Ang mga karansan at mga pagsubok na hinaharap ng bawat ordinaryong pamilyang Pilipino ay magkakaiba depende sa anong klaseng pamumuhay ang kanilang kinagagalawan. Maaring may mga ordinaryong Pilipino ang naka ahon na sa kahirapan at namumuhay ng maganda at mapayapa. Ang mga ito ay magsisilbing inspirasyon para sa ibang ordinaryong Pilipino na magsumikap at abotin ang kanilang kanya kanyang pangarap sa buhay.

Sa kabilang banda, mayroong mga ordinaryong Pilipino din ang patuloy na nakakaranas ng paghihirap at pagsubok sa kanilang pamumuhay. Maaring sila ay nahaharap sa hindi patas na oportunidad na patuloy na nag papa hirap sa kanilang pamumuhay at naging dahilan sa kanilang patuloy na pagsusumikap upang maabot ang tagumpay at maiahon ang sarili at kanilang pamilya tungo sa tagumpay. Gantong mga isyu ang dapat mabigyan ng pansin ating gobyerno upang mabigyan ng solusyon at para hindi mawalan ng pag asa ang ating mga kabataan na nagsusumikap dahil sa kapansanang tinatawag na "kahirapan". Ngunit may ginagawa ba ang pamilya ni Lailani upang maiahon ang kanilang pamilya sa kahirapan. Ayon sa Academia, madalas nating sisihin ang maling pamamalakad ng mga pinuno ng bansa, ngunit sila nga ba ang may kasalanan o tayo ring mga Pilipino? Sabi nga nila, "Katamaran ay katumbas ng kahirapan". Sinasabi ng karamihan, kaya sila naghihirap ay sa kadahilanang wala silang trabaho, pero ang totoo, maraming trabahong nakalaan ngunit mapili lamang talaga ang mga Pilipino, mas pipiliin pa nilang maupo na lang sa isang tabi at manghingi ng limos kay magpapagod sa napakabigat na trabaho at kumita ng isang daang piso sa isang araw, pero sa kadahilanang ito, pinapakita lang natin na tayo ay tamad na nagiging dahilan ng kahirapan. Ngunit may mga sitwasyong hindi natin sila masisisi dahil hindi maipagkakaila na may mga pangyayari at sitwasyon na hindi nila pinili. Isang halimbawa lamang ito na nabibilang sa relatibong uri ng kahirapan.

Naging walang kabuluhan ang pagsusumikap ni Lailani upang maiahon ang kanyang sarili at pamilya sa kahirapan kung ang kanyang sariling pamilya ay patuloy na hinihila ang kanyang mga pangarap tungo sa kawalan. Patuloy na nagbibigay ng salat sa kanyang buhay

at dumaragdag ng pagkapait sa buhay ni Lailani ang pagiging salat ng kanyang pamilya.

## KONKLUSYON

Ang maikling kwentong "Paputian ng Laba" ay isang mahalagang kontribusyon sa pagsasaliksik sa mga karanasan ng pamilyang Pilipino sa pang araw-araw na pamumuhay. Ito ay naglalayong magbigay ng isang makabuluhang mensahe tungkol sa pagiging matatag at pagsisikap ng pamilyang Pilipino sa kabila ng mga hamon na kanilang naranasan. Binigyang-diin sa kwento ang mga suliranin na pinagdadaanan ng pamilyang Pilipino sa pang araw-araw na pamumuhay upang makaraos at may maipakain sa pamilya. Ipinapakita rin nito ang realidad ng hindi pagkapantay-pantay na nararanasan ng mga mamamayang Pilipino sa lipunan.

Ang mga karakter sa kwento ay sumasalamin sa mga Pilipinong nagsusumikap sa buhay upang maangat ang sarili sa laylayan. Ang maikling kwento ay nagpapakita ng malalim na pag unawa sa mga isyung kinahaharap ng pamilyang Pilipino. Ito ay naglalayong magbigay ng kamalayan tungkol sa mga isyu ng kahirapan at di pagkakapantay-pantay na nangyayari sa lipunan at kung paano nila harapin ang mga isyung ito. Si Lailani na sa kabila ng kahirapan ng buhay ng kaniyang pamilya ay hindi nagpatinag at patuloy na nangangarap na maging artista ay isang mahalagang aral na mapupulot sa kwento . Ito ay nagbibigay ng inspirasyon sa mga taong nahaharap sa iba't ibang hamon sa buhay na panatilihing Dakila, Wagas, at Busilak ang kalooban ay walang maging impossible.

Sa kabuuan, ang "Paputian ng Laba" ay isang natatanging maikling kwentong sinasalamin ang mga karanasan ng pamilyang Pilipino at nagbibigay aral at inspirasyon sa mga tao na maging matatag at magsumikap laban sa mga hamon sa buhay.

### TALASANGGUNIAN

Asian Development Bank. (2010). Poverty in the Philippines causes constraints on opportunities. Asian Development Bank.https://www.adb.org/sites/default/files/publication/27529/ poverty-philippines-causes-constraints-opportunities.pdf

Christian, N., & Mary Joyce, G. (2020, November). (PDF) An Exploration of Filipino Resilience of Young Adults in the 21st Century. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/345757270_An_Exploration_of_Filipino_Resilience_of_Young_Adults_in_the_21st_Century

Esnardo, A. E. (2024, October 2). Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. https://komunikasyon-gandhi2016.blogspot.com/2016/10/katamaran-ay-katumbas-ng-kahirapan-ni.html

Estrella, N. K. (2022, May). Paputian NG Laba | PDF. Scribd. https://www.scribd.com/document/555210024/paputian-ng-laba

Fadrigalan, M. (2022, January). The Structural Poverty in the Philippines and its Impact in Sectoral Level: Well-being, Education, and Trade In Partial Fulfillment of The Requirements For SOSC.

Fuller, M. 1. 2. |. A. (2018, March 6). Life amidst poverty - Talk about poverty. Talk about Poverty. https://talkpoverty.org/2015/05/11/losing-finding-life-amidst-poverty/index.html

How domestic violence becomes Normalized | Peace at Home Family Shelter. (n.d.). Peace at Home Family Shelter.https://peaceathomeshelter.org/blog/how
-domestic-violence-becomes-normalized/

Isyu NG Kahirapan Sa Pilipinas | PDF. (n.d.). Scribd. https://www.scribd.com/document/434408877/Isyu-Ng-Kahirapan-Sa-Pilipina

jcL. (2019, January 18). Mga batang hindi nakakapag aral dulot ng kahirapan. Techtalks. https://tecktalks.home.blog/2019/01/18/mga-batang-hindi-nakakapag-aral-dulot-ng-kahirapan/

Ladla. (2016, May 31). Kahirapan sa Pilipinas. WordPress.com. https://uclaliwanagatdilim2016.wordpress.com/2016/05/20/kahirapan-sa-pilipinas/

Kulat, I. (2022, March 7). ANG EPEKTO NG KAHIRAPAN SA BUHAY NG KABATAAN. Consortium of Bangsamoro Civil Society (CBCS). https://bangsamorocivilsociety.org/2022/03/07/ang-epekto-ng-kahirapan-sa-buhay-ng-kabataan/

Relativo, J. (2022, August 3). “Halos kalahati”: Pamilyang Pinoy na naniniwalang mahirap sila sumirit sa 48% — SWS. Philstar.com. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2022/08/03/2200008/halos-kalahati-pamilyang-pinoy-na-naniniwalang-mahirap-sila-sumirit-sa-48-sws

Schifferes, S., & Knowles, S. (2022). The Media and Inequality. Routledge. https://doi.org/10.4324/9781003104476

Torion, G. (n.d.). Sulyap ng Katatagan Pagkakaisa at Pag asa sa Gitna ng Pandemya. Www.academia.edu. Retrieved April 2, 2024, from https://www.academia.edu/107284998/Sulyap_ng_Katatagan_Pagkakaisa_at_Pag_asa_sa_Gitna_ng_Pandemya

Tseri ~. (2022, January 19). Hindi Pantay na Karapatan ng Mayaman at Mahirap. Cherry’s Insights. https://cherrysinsights.home.blog/2022/01/19/hindi-pantay-na-karapatan-ng-mayaman-at-mahirap/

Unknown. (2013). My Thesis : Ang Katatagang-Loob sa Pilosopiyang Pilipino ng Pagiging Matatag at Matibay sa Konsepto ni Joseph Anthony Narciso Z. Tiangco. My Thesis.https://mjgbasallaes.blogspot.com/2013/03/ang-katatagang-loob-sa-pilosopiyang.html?fbclid=IwAR0cumLfin89KqAnv5VDY4iSml57WZgBQ18ADxi1523WdaaHBZN8jJp6fvQ

Valdez, I.M., Arevalo, M. N., Robredo, J.G., Gacad, S.S., Villaceran, M.J., Libang, G.R., Dela Paz, E.P., Rubin, K.A., Eala, M.B. (2022). Violence against women in the Philippines: barriers to seeking support. The LANCET Regional Health Western Pacific, 23, 100471. https://doi.org/10.1016/j.lanwpc.2022.100471

Vera, C. B. D. (2019, January 10). Tekstong Impormatibo. Medium. https://medium.com/@cheanedv/kahirapan-sa-pilipinas-65994ff19e30#:~:text=Epekto%20ng%20kahirapan%20sa%20kabataan&text=Ang%20iba%20sa%20kanila

Verdad, R. L. (2016, July 19). Kahirapan, pangunahing dahilan ng pang-aabuso sa mga kabataan - DSWD. Radyo La Verdad. https://radyolaverdad.com/kahirapan-pangunahing-dahilan-ng-pang-aabuso-sa-mga-kabataan-ds